

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nasubukan mo na bang magpatala sa paaralan o maghanap ng trabaho? Anu-ano ang mga kinailangan mong gawin? Ikaw ba ay hinilingang sumulat sa mga porma? Kung oo, samakatuwid ay may ideya ka na kung tungkol saan ang modyul na ito.

Ang mga **porma** (forms) ay mga dokumento na kailangan mong sulatan sa iyong pagpapatala sa paaralan o sa trabaho. Mahalaga ang mga ito sapagkat dito nakasaad ang lahat ng mga dapat malaman ng paaralan o kumpanya tungkol sa iyo. Mayroong iba't ibang uri ng porma. Halimbawa, ang *bio-data* ay karaniwang hinihingi ng isang kumpanya sa mga aplikante. Isa pang halimbawa ay ang porma sa paghingi ng sedula. Ang pormang ito ay sinusulatan upang makakuha ng sedula. Ang sedula ay kailangan para sa iba pang mga dokumento at ito ay isang patunay na ikaw ay residente ng isang lokalidad. Ang mga numero na nakasaad sa sedula ay kailangan sa paglagda ng isang kontrata o anumang legal na dokumento.

Tuturuan ka ng modyul na ito kung paano ang wastong pagsulat sa mga mahahalagang porma.

Sa katapusan ng modyul na ito, dapat ay kaya mong sulatan nang kumpleto at wasto ang mga nakakabit na porma: bio-data; pormang pang-buwis sa kita; porma sa paghingi ng sedula; lisensya sa pagmamaneho; pormang pangrehistro, at mga balotang panghalalan.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1 – *Ang Pagsulat sa mga Porma*

Aralin 2 – *Ang Pagsulat sa Iba pang mga Porma*

Aralin 3 – *Ang Pagsulat sa Pormang Pang-Buwis sa Kita*



## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- maipaliwanag kung bakit mahalaga ang wastong pagsulat sa mga porma;
- matukoy mo ang iba't-ibang bahagi ng isang porma;
- makasunod ka sa mga nakasaad na panuto sa isang dokumento; at
- masulatan mo nang wasto ang iba't-ibang porma.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, tignan ang mga sumusunod na talaan ng porma. Markahan ang mga kahon sa tabi ng mga pormang alam mo at alam mong sulatan.

- ☐ Bio-data
- ☐ Sedula
- ☐ Pormang pang-buwis sa kita (*income tax return*)
- ☐ Porma sa pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho (*driver's license form*)
- ☐ Balotang panghalalan
- ☐ Pormang pangrehistro (*registration form*)

Kung minarkahan mo ang lahat ng mga pormang nabanggit, samakatuwid ay alam mo na ang mga paksang tatalakayin sa modyul na ito. Tutulungan ka na lamang ng modyul na ito na pag-aralang muli ang kumpleto at wastong pagsulat sa mga pormang nabanggit. Kung hindi mo naman minarkahan lahat, pag-aralan mong mabuti ang modyul na ito upang malaman mo ang mga hakbang sa pagsulat sa mga porma.

# Ang Pagsulat sa mga Porma

Alam mo ba kung ano ang porma? Nakakita ka na ba nito o nakapagsulat ka na ba sa ganito? Ikaw ba ay nahirapan?

Ang pagsulat sa mga porma ay isang mahalagang kasanayan na kailangang matutuhan. Ang mga porma ay karaniwang nangangailangan ng maraming impormasyon. Alam mo ba kung tungkol saan ang mga impormasyon na ito at bakit mahalaga na maging wasto ang mga ito?

Ang isang porma ay karaniwang nangangailan ng maraming impormasyon tulad ng iyong pangalan, tirahan, araw at lugar ng kapanganakan, pangalan ng mga magulang, pinag-aralan, at iba pa. Dapat maisaad ang lahat ng mga ito nang kumpleto at wasto. Ito ay isang kasanayan na dapat matutuhan; kung hindi, maaaring makapagbigay ka ng kulang at maling impormasyon. Maraming gamit ang mga porma. Ang mga ito ay ginagamit sa pagkalap ng mga impormasyon, sa pagpaparehistro, upang ikaw ay makilala, at sa pagsesertipika.

Sa araling ito, magsasanay ka sa pagsulat sa isang bio-data.

Pagkatapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- tukuyin kung bakit mahalaga ang malinis, wasto at kumpletong pagsulat sa mga porma;
- magsulat sa isang bio-data; at
- tukuyin mo ang mga mali sa pagsulat sa mga porma.



## Subukan Natin Ito

Anu-anong porma ang nasulatan mo na?

Ako ay may kaalaman na sa mga sumusunod na porma:

1. ________________________________________________
2. ________________________________________________
3. ________________________________________________
4. ________________________________________________
5. ________________________________________________

Sa pagkuha ng trabaho o sa pagpapatala sa paaralan, ikaw ay makakakita ng maraming uri ng porma. Kailangan mo ring magsulat sa mga porma kapag ikaw ay may negosyo. Ang mga ito ay tinatawag na opisyal na dokumento sapagkat ang mga ito ay patunay na naibigay ang mga impormasyon at mayroong napagkasunduan. Pag-aralan ang talaan ng mga mahahalagang porma na kailangan mong matutuhang sulatan.

- bio-data
- porma sa paghingi ng sedula (*community tax certificate request form*)
- pormang pang-buwis sa kita
- porma sa pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho
- balota sa halalan
- porma sa pagsisiyasat (*survey form*)

Sa palagay mo, bakit mahalaga ang mga pormang ito?

Ang bawat porma ay sinusulatan para sa partikular na dahilan. Pag-aralan ang blankong bio-data sa susunod na pahina.

PHOTO

# BIO-DATA

**PERSONAL DATA**

Position desired: ______________________ Date: ______________________

Name: ______________________ Sex: ______________________

City address: ______________________

Provincial address: ______________________

Date of birth: ______________________ Place: ______________________

Civil status: ______________________ Citizenship: ______________________

Height: ______________________ Weight: ______________________

Religion: ______________________ Telephone: ______________________

Color of hair: ______________________ Color of eyes: ______________________

Spouse: ______________________ Occupation: ______________________

Address: ______________________

Number of children, their names and their dates of birth: ______________________

______________________

______________________

Father's name: ______________________ Occupation: ______________________

Mother's name: ______________________ Occupation: ______________________

Their address: ______________________

Languages or dialects you can speak or write: ______________________

Person to be notified in case of emergency: ______________________

His/Her address and telephone: ______________________

**EDUCATIONAL BACKGROUND**

Elementary: ______________________ Date graduated: ______________________

High school: ______________________ Date graduated: ______________________

Vocational: ______________________ Date graduated: ______________________

College: ______________________ Date graduated: ______________________

Course: ______________________

Special skills: ______________________

**EMPLOYMENT RECORD** (From present work backward)

| FROM | TO | POSITION | COMPANY |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**CHARACTER REFERENCES**

(Not related to you)

| Name | Occupation | Address |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Res. Cert. No. A ______________________

Issued at ______________________

Issued on ______________________

T.I.N. ______________________

N.B.I. No. ______________________

______________________
Passport No.

______________________
Place of issue Date

______________________
Applicant's signature

Anu-anong mga uri ng impormasyon ang kailangang ilagay sa isang bio-data? Isulat ang mga ito.

Ang mga sumusunod na impormasyon ay kailangang ilagay sa isang bio-data:

1. ___________________________
2. ___________________________
3. ___________________________
4. ___________________________
5. ___________________________
6. ___________________________
7. ___________________________
8. ___________________________
9. ___________________________
10. ___________________________
11. ___________________________
12. ___________________________
13. ___________________________
14. ___________________________
15. ___________________________

Ikumpara mo ang iyong listahan sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Tama ba ang iyong mga sagot?

Ano ang natutuhan mo sa gawaing ito? Natutuhan mo na ang isang porma ay nangangailangan ng maraming impormasyon. Ang kabutihan dito ay alam mo ang karamihan sa mga impormasyon dito sapagkat tungkol sa iyo ang mga ito.

Ang lahat ng porma ay kailangang masulatan nang wasto, kumpleto, at malinis.

Sa kabuuan, ang kahalagahan ng isang porma ay batay sa uri nito. Ang salitang **bio-data** ay nagmula sa dalawang salita, *bio* na ang ibig sabihin ay "buhay," at *data* na ang ibig sabihin ay impormasyon. Ito ay nagbibigay sa isang paaralan o kumpanya ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa isang tao. Ang lahat ng mga impormasyon ay tungkol sa iyo at sa iyong mga karanasan. Ang mga ito ay gagamitin sa pagtukoy kung nasa iyo ang mga katangian na kailangan ng kumpanya o kung ikaw ay karapat-dapat na tanggapin sa paaralan. Nakita mo na kung gaano kahalaga ang pagsulat nang wasto, kumpleto, at malinis sa mga porma?

Maliban sa bio-data, mayroon pang ibang mga porma na kailangan mong matutuhang sulatan. Ang ilan dito ay tatalakayin sa mga susunod na aralin.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Nais ni Gani na mag-aplay bilang isang guwardiya. Nagtungo siya sa *Mabuhay Security Company,* kung saan siya ay hiningian ng bio-data. Bumili siya ng bio-data sa isang tindahan ng mga aklat. Sinulatan niya ang porma at pagkatapos ay ibinigay sa kumpanya para sa kanilang pagsusuri.

PHOTO

**BIO-DATA**

**PERSONAL DATA**

Position desired: Isagani dela Cruz  Date: March 23, 2001
Name: ______  Sex: Male
City address: Palanan st. Makati
Provincial address: ______
Date of birth: March 29, 1974  Place: ______
Civil status: 5 feet 6 inches  Citizenship: Filipino
Height: ______  Weight: ______
Religion: Catholic  Telephone: 5002942
Color of hair: black  Color of eyes: Brown
Spouse: None  Occupation: ______
Address: ______
Number of children, their names and their dates of birth: ______

Ang nakasaad sa itaas ay bahagi ng bio-data ni Gani. Basahin mo ito. Sa iyong palagay, mabibigyan ba nito ng magandang impresyon si Gani? Bakit/Bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

Batay sa bio-data ni Gani, matatanggap kaya siya sa trabaho? Bakit/Bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ikumpara mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.

Tingnan mo kung paano nagsulat si Gani sa kanyang bio-data. Mapapansin mo na maaaring hindi matanggap si Gani sa trabaho. Marami siyang mga maling naisulat sa kanyang bio-data; samakatuwid, ito ay maaaring hindi magbigay ng magandang impresyon.

Ang bio-data ay kailangang sulatan ng kumpleto, wasto, at malinis sapagkat ito ang magbibigay sa paaralan o kumpanya ng kanilang impresyon sa iyo. Upang makalikha ng magandang impresyon, kailangang matuto ka nang wastong pagsusulat sa isang bio-data.

Pag-aralan mong muli ang bio-data ni Gani.


Sa iyong palagay, mapapagbuti pa kaya ito ni Gani?

Ang mga bahagi ng isang bio-data ay nakalista sa ibaba. Markahan ng tsek ang mga kahon sa tabi ng mga bahaging nasulatan ni Gani nang wasto; markahan ng ekis ang mga hindi.

**Impormasyon Tungkol sa Sarili**

- ☐ Nais na posisyon
- ☐ Petsa
- ☐ Pangalan
- ☐ Kasarian
- ☐ Tirahan sa siyudad
- ☐ Tirahan sa probinsiya
- ☐ Araw ng kapanganakan
- ☐ Lugar
- ☐ Estadong sibil
- ☐ Nasyonalidad
- ☐ Taas
- ☐ Timbang
- ☐ Relihiyon
- ☐ Telepono
- ☐ Kulay ng buhok
- ☐ Kulay ng mata
- ☐ Asawa
- ☐ Hanapbuhay
- ☐ Tirahan
- ☐ Bilang ng mga anak, mga pangalan nila, at araw ng kapanganakan

Ikumpara mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42. Gaano ka kahusay sa gawaing ito?



## Alamin Natin

Talakayin natin nang detalyado ang mga bahagi ng isang bio-data. Narito ang ilang mga paalala kung paano sinasagutan ang bawat aytem. Tingnan natin kung hanggang saan ang pagkakaunawa mo at kung ikaw ay makasusunod sa mga panuto. Isipin mo na ikaw ay sumusulat sa isang bio-data.

Handa ka na ba? Simulan na natin.

### Impormasyon Tungkol sa Sarili

- **Nais na posisyon**—ay tumutukoy sa posisyon na inaaplayan mo. Halimbawa, guwardiya, sekretarya, resepsyonist, trabahador sa pabrika, at iba pa. Kung may koda para sa posisyon, isulat ito sa tabi ng titulo ng posisyon. Ang isang kumpanya ay karaniwang nagbibigay ng mga koda para sa mga posisyon.

- **Petsa**—ay tumutukoy sa petsa kung kailan mo sinulatan ang iyong bio-data. Siguraduhing ilagay ang mga sumusunod: buwan, araw, at taon. Halimbawa, Marso 11, 2001.

- **Pangalan**—ay maaaring ang pinakamahalagang impormasyon sa anumang porma. Ito ay ang iyong buong pangalan kasama ang iyong pangunang pangalan, panggitnang pangalan, at apelyido. Halimbawa, Gani Callos de Jesus.

- **Kasarian**—ay tumutukoy kung ikaw ay isang lalaki o babae.

- **Tirahan sa siyudad**—ay tumutukoy sa kung saan ka nakatira sa siyudad habang ikaw ay naghahanap ng trabaho. Siguraduhing ilagay ang numero ng iyong bahay, kalye, baryo, baranggay o munisipalidad, lungsod o probinsiya. Ilagay rin ang iyong zip code para mapadali ang pagpapadala ng sulat. Halimbawa, 65 Cornell Street, Wackwack Village, Mandaluyong City 1555.

- **Tirahan sa probinsiya**—ay tumutukoy sa kung saang probinsiya ka nagmula. Siguraduhing ilagay ang numero ng iyong bahay, kalye, baryo/baranggay o munisipalidad, lungsod o probinsiya. Ilagay rin ang iyong zip code. Halimbawa, 10 Matiyaga Street, Baranggay Kabo, Maryville Village, Batangas City 4200.

  Kung wala kang tirahan sa probinsiya, maaari mong isulat ang N/A na ang ibig sabihin ay "not applicable."

- **Petsa ng kapanganakan**—ay tumutukoy sa araw kung kailan ka ipinanganak. Siguraduhing ilagay ang buwan, araw, at taon ng iyong kapanganakan. Halimbawa, Oktubre 5, 1962.

- **Lugar ng kapanganakan**—ay tumutukoy sa lugar kung saan ka ipinanganak; maaaring ang lungsod o munisipalidad. Halimbawa, Maynila o Calatagan, Batangas.

- **Estadong sibil**—ay nagsasaad kung ikaw ay may asawa na, binata o dalaga pa, o balo na.
- **Nasyonalidad**—ay tumutukoy sa kung saang bansa ka nagmula. Halimbawa, Pilipino, Amerikano, Indonesian, at iba pa.
- **Taas**—ay maaaring maipahayag sa talampakan at pulgada o sentimetro. Halimbawa, kung ang taas mo ay 5 talampakan at 6 na pulgada, maaari mo itong isulat bilang 5’6” o 165 sentimetro.
- **Timbang**—ay maaaring maipahayag sa libra o kilo. Halimbawa, kung ikaw ay may timbang na 105 libra, maaari mo itong isulat bilang 105 libra o 47.73 kilo.
- **Relihiyon**—ay tumutukoy sa usapin, simulain, o sistema ng iyong paniniwala. Halimbawa, ikaw ay maaaring isang Romano Katoliko, Muslim, Iglesia ni Kristo, at iba pa.
- **Telepono**—ay tumutukoy sa numero ng telepono kung saan maaari kang tawagan. Halimbawa, 433-8873. Kung mayroon kang higit sa isang telepono, maaari mong ilagay ang lahat ng mga ito.
- **Kulay ng buhok**—ay tumutukoy sa kulay ng iyong buhok sa oras na sinulatan mo ang iyong bio-data. Halimbawa, kulay-kape o itim.
- **Kulay ng mata**—ay tumutukoy sa orihinal na kulay ng iyong mga mata. Halimbawa, kulay-kape o itim.
- **Asawa**—ay tumutukoy sa buong pangalan ng iyong asawa kung ikaw ay may asawa na. Halimbawa, Maria Reyes Santos. Siguraduhing ilagay ang buong pangalan ng iyong asawa – pangunang pangalan, panggitnang pangalan, at apelyido. Maaari mo rin namang hindi isulat ang kanyang buong panggitnang pangalan. Sa ganitong pagkakataon, maaari mong ilagay na lamang ang unang titik ng kanyang panggitnang pangalan. Isulat ang **N/A** kung ikaw naman ay wala pang asawa.
- **Hanapbuhay**—ay tumutukoy sa trabaho ng iyong asawa. Halimbawa, magsasaka, sekretarya, kawani, at iba pa.
- **Tirahan**—ay tumutukoy sa kumpletong tirahan ng iyong asawa. Siguraduhing ilagay ang numero ng kanyang bahay, kalye, baryo/baranggay, munisipalidad, lungsod o probinsiya. Isulat din ang kanyang zip code. Halimbawa, 22 Makabulos Street, Baranggay Bangkal, Bago Bantay Village, Mandaluyong City 1555.
- **Bilang ng mga anak, mga pangalan nila, at mga araw ng kapanganakan**—ay tumutukoy sa buong pangalan ng iyong mga anak, ang kanilang mga edad, at ang mga araw ng kanilang kapanganakan. Halimbawa, kung isa lang ang iyong anak, Macky Callos de Jesus, 1 taong gulang, Setyembre 24, 2000.

- **Pangalan ng ama**—ay tumutukoy sa buong pangalan ng iyong ama. Halimbawa, Ernesto Martinez de Jesus. Siguraduhing ilagay ang kanyang pangunang pangalan, panggitnang pangalan, at apelyido. Maaari mo rin namang hindi isulat ang kanyang buong panggitnang pangalan. Sa ganitong pagkakataon, ilagay mo na lamang ang unang titik ng kanyang panggitnang pangalan. Kung ang iyong ama ay yumao na, isulat ang "yumao na" pagkatapos ng kanyang pangalan.
- **Hanapbuhay**—ay tumutukoy sa trabaho ng iyong ama. Halimbawa, karpintero, magsasaka, at iba pa. Kung siya ay hindi na naghahanapbuhay, isulat ang "retirado." Kung wala naman siyang hanapbuhay sa panahon na isinulat mo ang iyong bio-data, isulat ang "walang trabaho."
- **Pangalan ng ina**—ay tumutukoy sa buong pangalan ng iyong ina. Halimbawa, Nena Reyes Callos. Siguraduhing ilagay ang kanyang pangunang pangalan, panggitnang pangalan, at apelyido. Maaari mo rin namang hindi ilagay ang kanyang buong panggitnang pangalan. Sa ganitong pagkakataon, isulat mo na lamang ang unang titik ng kanyang panggitnang pangalan. Kung ang iyong ina ay yumao na, isulat ang "yumao na" pagkatapos ng kanyang pangalan.
- **Hanapbuhay**—ay tumutukoy sa trabaho ng iyong ina. Halimbawa, mananahi, tagaluto, at iba pa.
- **Ang kanilang tirahan**—ay tumutukoy sa kumpletong tirahan ng iyong mga magulang – ang numero ng kanilang bahay, kalye, baryo/baranggay, munisipalidad, lungsod o probinsiya. Isulat din ang kanilang zip code. Halimbawa, 22 Makabulos Street, Baranggay Bangkal, Bago Bantay Village, Mandaluyong City 1555.
- **Mga wika na kayang bigkasin o isulat**—ay tumutukoy sa iba pang lengguwahe o dayalekto na kaya mong bigkasin o isulat maliban sa Filipino. Halimbawa, Ingles, Ilokano, at iba pa.
- **Taong maaaring tawagan sa oras ng kagipitan**—ay tumutukoy sa taong nais mong makaalam kung sakaling may mangyaring masama sa iyo. Maaaring ito ay ang iyong ama, ina, o asawa.
- **Ang kanyang tirahan at telepono**—ay tumutukoy sa kumpletong tirahan at numero ng telepono ng taong nais mong makaalam sa iyong kagipitan. Siguraduhing ilagay ang numero ng kanyang bahay, kalye, baryo/baranggay, munisipalidad, lungsod, o probinsiya. Isulat din ang kanyang zip code. Halimbawa, 22 Makabulos Street, Baranggay Bangkal, Bago Bantay Village, Mandaluyong City 1555.

## Mga Impormasyon Tungkol sa Pinag-aralan

- **Elementarya**—ay tumutukoy sa kumpletong pangalan at lugar ng paaralan kung saan ka nagtapos ng elementarya. Halimbawa, Piñahan Elemetary School – Quezon City.

- **Taon ng pagtatapos**—ay tumutukoy sa araw ng iyong pagtatapos sa elementarya. Maaaring ilagay mo na lamang ang buwan at taon. Nguni't kung hindi mo na maalala ang buwan, maaari mo na lamang ilagay ang taon. Halimbawa, Marso 1976 o 1976.
- **Mataas na paaralan**—ay tumutukoy sa kumpletong pangalan at lugar ng paaralan kung saan ka nagtapos ng mataas na paaralan. Halimbawa, Manila Science High School – Manila.
- **Taon ng pagtatapos**—ay tumutukoy sa araw ng iyong pagtatapos sa mataas na paaralan. Maaaring ilagay mo na lamang ang buwan at taon. Nguni't kung hindi mo na maalala ang buwan, maaari mo na lamang ilagay ang taon. Halimbawa, Marso 1980 o 1980.
- **Kolehiyo**—ay tumutukoy sa kumpletong pangalan at lugar ng kolehiyo o unibersidad kung saan nagtapos ka ng kolehiyo. Halimbawa, Far Eastern University – Maynila.
- **Taon ng pagtatapos**—ay tumutukoy sa araw ng iyong pagtatapos sa kolehiyo. Maaari mo na lamang ilagay ang buwan at taon. Nguni't kung hindi mo na maalala ang buwan, maaari mo na lamang ilagay ang taon. Halimbawa, Marso 1984 o 1984.
- **Kurso**—ay tumutukoy sa kurso na iyong kinuha at tinapos sa kolehiyo. Halimbawa, "BS Secretarial" o BS Computer Science.
- **Mga natatanging kakayahan**—ay tumutukoy sa kakayahan tulad ng pagmamaneho, pagmamakinilya, at iba pa na makakapagpaangkop sa iyo sa trabahong nais mo.
- **Bokasyonal**—ay tumutukoy sa kumpletong pangalan at lugar ng paaralang pang-bokasyonal na iyong pinasukan, kung mayroon man. Halimbawa, Samson Institute of Technology – Cubao.
- **Taon ng pagtatapos**—ay tumutukoy sa araw ng iyong pagtatapos o pagtanggap ng sertipiko mula sa paaralang pang-bokasyonal na iyong pinasukan. Maaari mo na lamang ilagay ang buwan at taon nguni't kung hindi mo na maalala ang buwan, maaari mo na lamang ilagay ang taon. Halimbawa, Marso 2000 o 2000.

### Rekord ng mga Pinasukang Trabaho

- Ang iyong record ng mga pinasukang trabaho ay magpapakita ng iyong kasalukuyan at mga nakaraang pinaglingkuran, kung mayroon man. Kailangang itala mo rito ang mga pangalan ng mga kumpanyang pinasukan mo mula sa pinakabago hanggang sa pinakaunang trabaho. Ang hanay ng "Mula" ay magpapakita ng araw na nagsimula kang maglingkod sa isang kumpanya samantalang ang hanay ng "Hanggang" ay magpapakita ng huling araw mo sa iyong trabaho. Maaari mo na lamang ilagay ang buwan at taon o kahit ang taon na lamang kung hindi mo na maalala ang buwan.

Ang hanay ng “Posisyon” ay magpapakita ng posisyon mo sa kumpanyang iyong pinapasukan sa kasalukuyan o pinasukan sa nakaraan. Sa huli, ang hanay ng “Kumpanya” ay magpapakita ng mga kumpletong pangalan at lugar ng kumpanyang iyong pinapasukan sa kasalukuyan at pinasukan sa nakaraan. Sa ganitong paraan, masusundan ng kumpanyang iyong pinag-aaplayan ang iyong estadong pang-propesyonal, kung mayroon man.

## Mga Taong Maaaring Pagtanungan Tungkol sa Iyong Pagkatao

Ang mga taong maaaring pagtanungan tungkol sa iyong pagkatao ang makapagsasabi sa kumpanya na pinag-aaplayan mo kung paano ka bilang isang manggagawa. Dapat mong ilagay ang kanilang buong pangalan, posisyon, at kumpletong tirahan. Halimbawa, Josie L. Cruz, Superbisor, Star Paper Company, 434 Boni Avenue, Mandaluyong City.

Kung wala ka pang naging trabaho, maaari mong ilagay ang mga pangalan ng iyong mga kapitbahay o kaibigan. Dapat ay mailarawan ka nila bilang isang empleyado o manggagawa.

## Iba Pang Impormasyon

- **Numero ng sertipiko ng tirahan** (*residence certificate number*)—ang numero ng sertipiko ng tirahan ay isang porma mula sa iyong Gusaling-Lungsod/Gusaling-Munisipal na nagpapatunay na ikaw ay residente ng isang lokalidad at ikaw ay nagbayad para rito. Ang bawat isa nito ay may nakatalagang numero, halimbawa, 00563226.
- **Ibinigay sa**—ay nagpapakita kung saan ibinigay ang sertipiko ng tirahan. Ito ay karaniwang itinatatak sa sertipiko. Halimbawa, Maynila.
- **Ibinigay noong**—ay nagpapakita kung kailan ibinigay ang sertipiko ng tirahan. Halimbawa, Marso 14, 2000.
- **TIN**—ay nagpapakita ng iyong *tax identification number* na nagpapatunay na ikaw ay nagbabayad ng buwis. Halimbawa, 148-605-906.
- **Numero sa NBI**—ay nagpapakita ng iyong numero sa *National Bureau of Investigation* (NBI) na nagpapatunay ng iyong rekord sa organisasyon. Halimbawa, 41-786.
- **Numero ng pasaporte**—ang pasaporte ay nagsisilbing porma ng pagkakakilanlan. Karaniwan ay may itinatalagang numero sa bawat isa nito. Halimbawa, 205631.
- **Lugar kung saan ibinigay**—ay tumutukoy sa lugar kung saan ibinigay ang iyong pasaporte. Halimbawa, Maynila, Pilipinas.
- **Petsa**—ay nagpapakita kung kailan ibinigay ang iyong pasaporte. Halimbawa, Marso 22, 1993.
- **Lagda ng aplikante**—ay nagpapakita ng iyong lagda na nagpapatunay na ikaw ay naging totoo sa iyong aplikasyon.

Ang mga sumusunod ay ilang patnubay sa wastong pagsulat sa mga porma.

1. Siguraduhing ang mga ibinibigay mong impormasyon ay kumpleto at wasto. Halimbawa, kapag hindi mo naisulat ang iyong kumpletong tirahan, maaaring mahirapan ang kumpanyang pinag-aaplayan mo na ipatawag ka sa pamamagitan ng sulat.

2. Tingnan mo kung tama ang pagkabaybay ng mga salita at ang pagkakasulat ng mga numero.

3. Sumulat nang malinis at nababasa. Huwag gumamit ng lapis. Gumamit lamang ng asul o itim na tinta sa pagsulat sa mga porma. Mas mainam kung gagamit ng makinilya o kompyuter.

4. Ibigay ang mga porma sa tamang oras. Alamin kung hanggang kailan maaaring magbigay at sundin ito.

Laging isaisip ang mga patnubay na ito. Makatutulong ang mga ito sa wastong pagsulat sa mga porma.



## Magbalik-aral Tayo

Punan ang mga patlang upang makumpleto ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Siguraduhing ang mga ibinibigay mong impormasyon ay ______________ at ______________. Halimbawa, kapag hindi mo naisulat ang iyong kumpletong tirahan, maaaring mahirapan ang kumpanyang iyong pinag-aaplayan na ipatawag ka sa pamamagitan ng sulat.

2. Tingnan mo kung tama ang ______________ ng mga salita at ______________ ng mga numero.

3. Sumulat nang ______________ at ______________. Huwag gumamit ng lapis. Gumamit lamang ng ______________ o ______________ na tinta sa pagsulat sa mga porma. Mas mainam kung gagamit ng ______________ o ______________.

4. Ibigay ang mga porma sa tamang ______________. Alamin kung hanggang kailan maaaring magbigay at ______________ ito.

Ikumpara mo ang iyong mga sagot sa mga nakasulat sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42. Tama ba ang lahat ng iyong mga sagot?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sulatan ang blangkong bio-data sa pahina 5. Siguraduhing masunod lahat ang mga patnubay na nabanggit. Maging matapat sa pagsulat sa porma.

Pagkatapos nito, ikumpara ang iyong ginawa sa wastong pagkakasulat ng porma na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 43. Gaano ka kahusay sa iyong ginawa?

## Tandaan Natin

- Dapat mong sundin ang mga patnubay sa pagsulat sa mga porma.
- Ang wastong pagsulat sa mga porma ay ang unang hakbang sa pagpasok sa paaralan o sa trabaho na interesado ka.

**ARALIN 2**

# Ang Pagsulat sa Iba Pang Porma

Sa Aralin 1, ikaw ay nakapagsanay sa malinis, kumpleto, at wastong pagsulat sa isang bio-data. Natutuhan mo rin kung ano ang mga porma at kung gaano kahalaga ang mga ito sa iyong araw-araw na pamumuhay. Maliban sa bio-data, marami pang uri ng porma. Ito ay ang mga porma sa paghingi ng sedula, sa mga lisensiya sa pagmamaneho, sa mga balota sa halalan, sa mga pormang pagrehistro, at sa mga pormang pangsiyasat.

Malalaman mo sa aralin na ito kung gaano kahalaga ang mga porma at ang wastong pagsulat sa mga ito. Tandaan na ang lahat ng mga porma ay nangangailangan ng mga impormasyon na makikita rin sa bio-data. Puwede mo nang gawin ang mga natutuhan mo sa Aralin 1.

Pagkatapos pag-aralan ang aralin na ito, makakaya mo nang sumulat nang malinis at wasto sa mga pormang kailangan sa paghingi at ng sedula, lisensiya sa pagmamaneho, at sa balota sa halalan. Kasama na rin ang mga pormang pangrehistro at pangsiyasat.



## Basahin Natin Ito

Basahin ang mga sumusunod at alamin ang iba pang uri ng mga porma na karaniwan nating sinusulatan.

Si Pepito ay anak ng isang magsasaka. Siya ay naging 18 taong gulang isang linggo na ang nakararaan. Inisip ng kanyang ama na siya ay turuang magmaneho upang makatulong siya sa paghatid ng kanilang mga ani. Kaya isang araw…

**Ama:** Gusto mo ba akong tulungan sa aking trabaho, Pepito?

**Pepito:** Opo, Itay. Paano po ako makatutulong?

**Ama:** Alam mo, iho, ang aking mga mata ay hindi na kasinglinaw tulad noon. Kailangan ko ng isang taong magmamaneho para sa akin tuwing pupunta ako sa palengke upang ihatid ang ating mga ani. Kaya binabalak kong turuan kang magmaneho. Nguni't una sa lahat, bakit hindi ka muna pumunta sa Gusaling-Munisipalidad upang kumuha ng sedula?

**Pepito:** Opo, Itay. Magpapalit lamang po ako ng damit at aalis na ako.

Pagkatapos ng ilang buwan, natutuhan ni Pepito ang pagmamaneho at handa na siyang kumuha ng kanyang lisensya. Kaya pumunta siya sa Tanggapan ng Transportasyong Panlupa (*Land Transportation Office o LTO*)…

**Pepito:** Magandang tanghali po, ma'am. Nais ko po sanang kumuha ng lisensya sa pagmamaneho. Ano po ang kailangan kong gawin?

**Tauhan ng LTO:** Kailangan mo lamang sulatan ang pormang ito at magsumite ng iba pang kailangang ibigay.

Pagkatapos ng ilan pang buwan, nagpasiya si Pepito na maging miyembro ng isang samahan ng mga kabataan sa kanilang bayan. Kaya nang sumunod na araw, siya ay nagpunta sa opisina ng samahan upang magtanong kung paano siya makasasali rito…

**Pepito:** Ipagpaumanhin ninyo, ako ay si Pepito de Jesus. Nais ko sanang maging kasapi ng inyong organisasyon.

**Kasapi ng samahan:** Naku, napakaganda namang pakinggan ang sinabi mo. Sulatan mo lamang ang pormang pangrehistro na ito at magbayad ka rin ng maliit na halaga at ikaw ay kasapi na.

**Pepito:** Maraming salamat. Marami akong naririnig na magagandang bagay tungkol sa inyong samahan.

**Kasapi ng samahan:** Mabuti iyan. Baka naman mayroon kang mga kaibigan na gusto ring sumali…

**Pepito:** Oo, baka nga. Huwag kayong mag-alala, sasabihan ko sila.

**Kasapi ng samahan:** Maraming salamat. Aasahan ka namin sa oryentasyon sa susunod na linggo.

Dumating na ang panahon ng halalan. Ang mga kabataan ay nagbuo ng isang pagsusuri kung sino ang maaaring maging pinakamagagaling na mamumuno sa kanilang bayan.

**Pepito:** Magandang umaga, Ginoo. Kami po ay mga kasapi ng Organisasyon ng Kilos Kabataan. Nais po sana namin kayong maging bahagi ng pagsusuri na aming ginagawa tungkol sa nalalapit na halalan.

**Kasapi ng Komunidad:** Magandang umaga rin sa iyo. Ano ang dapat kong gawin?

**Pepito:** Kailangan po lamang ninyong sulatan ang porma ng pagsusuri na ito at pagkatapos ay aalis na po kami.


**Kasapi ng Komunidad:** Sige, bakit hindi muna kayo pumasok dito at maupo habang hinihintay ninyo akong matapos.

Nang dumating na ang araw ng halalan, sabik na sabik si Pepito na bumoto sa unang pagkakataon. Nagpunta siya sa presinto nang maaga…

**Pepito:** Helo, ma’am. Narito po ako upang bumoto.

**Tagasiyasat sa Halalan:** Sige, sulatan mo lamang ang balotang ito at pumunta kang muli sa akin upang masabihan kita kung ano ang susunod mong gagawin.

Hindi makapaniwala si Pepito na isang taon na pala ang nakalipas. Marami siyang natutuhan at ngayon ay mas handa na siya sa mga susunod pang mga taon ng kanyang buhay.



## Alamin Natin

Alam mo ba kung para saan ang sedula? Bakit ba tayo nagbabayad ng buwis sa komunidad?

Ang halaga na nakukuha ng pamahalaan mula sa ating mga buwis sa komunidad ay napupunta sa kanilang kaban na ginagamit sa paggawa ng mga lansangan, tulay at iba pa para sa mga mamamayan ng isang komunidad. Ang sertipiko sa buwis (*tax certificate*) ay nagpapatunay na ikaw ay nagbayad ng buwis at makikinabang sa mga serbisyo at istraktura na ibinibigay ng pamahalaang-lokal.

Nakakita ka na ba ng pormang pang-aplikasyon para sa sedula? Ano ang hitsura nito?

Kung hindi ka pa nakakakita nito, tingnan mo ang halimbawa sa ibaba.

**CITY OF MANILA**

**Declaration under oath:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| NAME — SURNAME / FIRST / MIDDLE | | | TAXPAYER'S IDENTIFICATION NO. |
| ADDRESS | | | SEX / CIVIL STATUS |
| CITIZENSHIP | ICR. No. (if an alien) | PLACE OF BIRTH | DATE OF BIRTH |
| PROFESSION/OCCUPATION/BUSINESS | | HEIGHT / WEIGHT | RESIDENCE TAX DUE |
| BASIC RESIDENCE TAX DUE | | | |

| ADDITIONAL RESIDENCE TAX on the following items owned or earned in the Philippines (Tax not to exceed (P5000.00)) | TAXABLE AMOUNT | |
|---|---|---|
| 1. Assessed value of real property (P1.00 for every P1000.00) | | |
| 2. Gross receipts of earnings derived from business during the preceding year P1.00 for every P1000.00 | | |
| 3. Salaries or gross receipts or earnings derived from exercise of profession or pursuit of any occupation (P1.00 for every P1000.00) | | |
| | TOTAL | |

Prior res. cert.
No. ......................
Date ....................
Place ...................

Taxpayer's Signature

SWORN TO and subscribed before me this ................................
day of ....................................,19 ..........................

Administering officer

Anu-anong mga impormasyon ang karaniwang hinihingi sa isang pormang pang-aplikasyon? Katulad ba ng mga ito ang hinihingi sa isang bio-data?

Tingnan natin.

Magkatulad ang mga impormasyong hinihingi maliban sa mga sumusunod:

1. **ICR number**—ay kailangan lamang kung ikaw ay isang banyaga na itinuring nang sariling bansa ang Pilipinas.
2. **Buwis sa paninirahan na dapat mo nang bayaran** (*residence tax due*)—ay nakadepende sa kung ikaw man ay may trabaho o wala at kung magkano ang iyong kinikita. Idagdag mo pa ang saligang buwis sa paninirahan.
3. **Saligang buwis sa paninirahan na dapat mo nang bayaran** (*basic residence tax due*)—ay tumutukoy sa saligang halaga na kailangang bayaran maliban pa sa kung magkano ang ipapataw na halaga batay sa mga kinikita sa bawat taon.
4. **Karagdagang buwis sa paninirahan** (*additional residence tax*)—ay tumutukoy sa halaga na kailangang bayaran batay sa kabuuang kita sa taon.
5. **Kabuuan**—ay katumbas ng halagang tinukoy sa bahagi ng buwis sa paninirahan.
6. **Bagong numero ng sertipiko sa paninirahan** (*prior residence certificate number*)—ay tumutukoy sa numero ng iyong nakaraang sertipiko sa paninirahan.
7. **Petsa**—ay tumutukoy sa araw kung kailan mo nakuha ang iyong nakaraang sertipiko sa paninirahan.
8. **Lugar**—ay tumutukoy sa lugar kung saan mo nakuha ang iyong nakaraang sertipiko ng paninirahan.
9. **Lagda ng nagbabayad ng buwis**—ay tumutukoy sa iyong lagda na nagpapatunay sa lahat ng mga impormasyong nakasulat sa pormang pang-aplikasyon.
10. **Sertipiko**—ay sinusulatan ng tagapangasiwang opisyal sa Gusaling-Munisipalidad o Gusaling-Lungsod upang patunayan ang sertipiko ng aplikasyon ng nagbabayad ng buwis.
11. **Tagapangasiwang opisyal**—ay tumutukoy sa lagda ng opisyal na nakakita sa aplikasyon ng nagbabayad ng buwis.



# Subukan Natin Ito

Tukuyin ang mga nawawalang bahagi ng sedula sa ibaba.

**CITY OF MANILA**

**Declaration under oath**

| | SURNAME | FIRST | MIDDLE |
|---|---|---|---|
| NAME | PALACIO, | MARIVIC | DIATA |

ADDRESS
57 NEW YORK STREET, CUBAO, QUEZON CITY 1109

| CITIZENSHIP | 1. ___________ | PLACE OF BIRTH | |
|---|---|---|---|
| FILIPINO | N/A | QUEZON CITY | |
| PROFESSION/OCCUPATION/BUSINESS | | HEIGHT | WEIGHT |
| EDITOR | | 5'4" | 100 LBS. |

3. ___________
P5.00

ADDITIONAL RESIDENCE TAX on the following items owned or earned in the Philippines
(Tax not to exceed P5000.00)

1. Assessed value of real property (P1.00 for every P1000.00)
2. Gross receipts or earnings derived from business during the preceding year P1.00 for every P1000.00
3. Salaries or gross receipts or earnings derived from exercise of profession or pursuit of any occupation (P1.00 for every P1000.00)

Prior res. Cert.

No. 10528769
Date Feb. 24, 2000
Place Quezon City

5. _____________


SWORN TO and subscribed before me this twenty-f
day of February 2001.

Ikumpara ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 44. Gaano ka naging kahusay?

## Alamin Natin

Mayroon ka bang lisensya sa pagmamaneho? Natatandaan mo ba kung ano ang hitsura ng lisensya sa pagmamaneho?

Tingnan ang blangkong pormang pang-aplikasyon para sa lisensya sa pagmamaneho.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF TRANSPORTATION & COMMUNICATION
LAND TRANSPORTATION OFFICE
East Avenue, Quezon City
DISTRICT OFFICE ______________

LTO FORM NO
REV 1996

No. 2734924

**APPLICATION FOR DRIVER'S LICENSE**

INSTRUCTIONS: 1. ACCOMPLISH THE FORM CORRECTLY 2. PRINT DATA LEGIBLY IN CAPITAL LETTERS 3. SUBMIT THIS FORM TO THE RECEIVING SECTION TOGETHER WITH THE REQUIRED SUPPORTING DOCUMENTS

NAME (Family Name, First Name, Middle Name)

PRESENT ADDRESS (No. Street, City/Municipality, Province) | TEL. NO.

PREVIOUS ADDRESS (No. Street, City/Municipality, Province) | TEL. NO.

CITIZENSHIP | SEX (F/M) | BIRTH DATE (MM/DD/YY) | HEIGHT (cm.) | WEIGHT (kg.)

TYPE OF APPLICATION (TOA)

☐ A NEW
☐ B 2 YRS DELIQUENT OR MORE
☐ C NON-PROF TO PROF
☐ D PROF TO NON-PROF
☐ E FOREIGN LIC TO NON-PROF
☐ F RENEWAL
☐ G ADDITIONAL RESTRICTION CODE
☐ H DUPLICATE
☐ I CHANGE ADDRESS
☐ J CHANGE CIVIL STATUS
☐ K CHANGE NAME
☐ L CHANGE DATE OF BIRTH
☐ M OTHERS

TYPE OF LICENSE APPLIED FOR (TLA)
☐ 1 STUDENT PERMIT
☐ 2 NON-PROFESSIONAL
☐ 3 PROFESSIONAL
☐ 4 CONDUCTOR

DRIVING SKILL ACQUIRED OR WILL BE ACQUIRED THRU (DSA)
☐ 1 DRIVING SCHOOL
☐ 2 LICENSED PRIVATE PERSON

EDUCATIONAL ATTAINMENT (EA)
1 NO FORMAL SCHOOLING
2 ELEMENTARY
3 HIGH SCHOOL
4 VOCATIONAL
5 COLLEGE
6 POST GRADUATE

STATE THE YEAR WHEN FIRST ISSUED A PHILIPPINE DRIVER'S LICENSE

ORGAN DONOR ☐ YES ☐ NO

CIVIL STATUS (CS): ☐ 1 SINGLE ☐ 2 MARRIED ☐ 3 WIDOW/ER ☐ 4 SEPARATED

HAIR: ☐ 1 BLACK ☐ 2 BROWN ☐ 3 BLONDE ☐ 4 GRAY ☐ 5 OTHERS (Specify)

EYES: ☐ 1 BLACK ☐ 2 BROWN ☐ 3 GRAY ☐ 4 OTHERS (Specify)

BUILT: ☐ 1 LIGHT ☐ 2 MEDIUM ☐ 3 HEAVY

COMPLEXION: ☐ 1 LIGHT ☐ 2 FAIR ☐ 3 DARK

BIRTH PLACE (City/Municipality, Province)

SPOUSE NAME (Maiden/Last Name, Family Name) indicate even if deceased

FATHER'S NAME (Family Name, First Name, M.I.) indicate even if deceased

MOTHER'S MAIDEN NAME (Family Name, First Name, M.I.) indicate even if deceased

EMPLOYER'S/BUSINESS NAME | TEL. NO.

EMPLOYER'S/BUSINESS ADDRESS

FILL THIS UP, IF YOU HAVE CHANGED YOUR ADDRESS | PREVIOUS ADDRESS

FILL THIS UP ONLY IF YOUR NAME ABOVE IS DIFFERENT FROM YOUR NAME IN PREVIOUS LICENSE | PREVIOUS NAME (Family Name, First Name, Middle Name) | VALIDITY

PREVIOUS OFFICIAL RECEIPT | OLR NO. | DATE ISSUED | AMOUNT PAID ₱

TO BE ACCOMPLISHED BY LTO PERSONNEL ONLY
LICENCE NUMBER | AGENCY CODE | VALID UP

RESTRICTION CODE
☐ 1. MOTORCYCLE/MOTORIZED TRICYCLES
☐ 2. VEHICLES UP TO 4500 KGS. GVW
☐ 3. VEHICLES ABOVE 4500 KGS. GVW
☐ 4. AUTOMATIC CLUTCH UP TO 4500 KGS. GVW
☐ 5. AUTOMATIC CLUTCH ABOVE 4500 KGS. GVW
☐ 6. ARTICULATED 1600 GVW BELOW
☐ 7. ARTICULATED 1600 TO 4500 GVW
☐ 8. ARTICULATED 4501 GVW ABOVE
☐ 9. DISABLED

CONDITIONS
A WEARING CORRECTIVE LENSES.
B DRIVE ONLY W/ SPECIAL EQUIPMENT FOR UPPER LIMBS.
C DRIVE ONLY W/ SPECIAL EQUIPMENT FOR LOWER LIMBS.
D DAYLIGHT DRIVING ONLY.
E ACCOMPANIED BY A PERSON W/ NORMAL HEARING.

| COMPUTATION of FEES | AMOUN |
|---|---|
| APPLICATION FEE | ₱ |
| LISCENSE FEE | |
| ADDITIONAL RESTRICTION CODE | |
| CHANGE ADDRESS | |
| REVISION OF RECORDS | |
| OTHERS (SPECIFY) | |
| TOTAL | ₱ |

THIS IS TO CERTIFY THAT I HAVE CAREFULLY EVALUATED THIS APPLICATION INCLUDING THE SUPPORTING DOCUMENTS ______ D.O. / LICENSING CTR Evaluator

A) Have you ever been charged or convicted of any offense (criminal, civil) before a court of competent jurisdiction? YES ☐ NO ☐
If "YES", give particulars. ______
Any false statement in this application or misrepresentation of facts relative thereto shall render the license null and void ab initio and shall serve as ground to bar from acquiring license.

THIS IS TO CERTIFY THAT THE INFORMATION I HAVE GIVEN IS TRUE AND CORRECT. | SIGNATURE OF LICENSEE

SUBSCRIBED under oath before me
______
District Head / Date

Anu-anong mga impormasyon ang kabilang dito na wala sa dalawang pormang unang tinalakay?

Tingnan natin ang mga ito nang detalyado.

1. **Dating tirahan**—ay tumutukoy sa iyong tirahan maliban sa tirahan mo sa kasalukuyan. Halimbawa, kung lumipat ka mula sa isang lugar papunta sa iba na namang lugar.

2. **Numero ng telepono**—ay tumutukoy sa numero ng telepono sa iyong dating tirahan, kung mayroon man.
3. **Uri ng aplikasyon**—ay tumutukoy sa kung anong uri ng aplikasyon ang ginagawa mo: bago, dalawang taong delingkwente o higit pa, mula hindi propesyonal hanggang propesyonal, mula propesyonal hanggang hindi propesyonal, mula panlabas na lisensiya hanggang hindi propesyonal, pagpapanibago, karagdagang koda ng pagtatakda, kopya, pagbabago ng tirahan, pagbabago ng estadong sibil, pagbabago ng pangalan, pagbabago ng petsa ng kapanganakan, o iba pa.
4. **Uri ng lisensiyang inaaplay**—kung ikaw man ay nag-aaplay ng lisensiyang pang-estudyante, hindi propesyonal, propesyonal, o konduktor.
5. **Kasanayan sa pagmamaneho ay makukuha sa pamamagitan ng**—ay tumutukoy sa kung saan ka matututo ng kasanayan sa pagmamaneho, sa isang paaralan na nagtuturo ng pagmamaneho o sa isang lisensiyadong pribadong tao.
6. **Taon nang unang mabigyan ng lisensiya sa pagmamaneho sa Pilipinas**—ay nagsasaad kung kailan mo nakuha ang iyong lisensiya sa pagmamaneho sa Pilipinas.
7. **Tagapagkaloob ng bahagi ng katawan**—ay nagsasaad kung ikaw man ay magkakaloob ng bahagi ng iyong katawan o hindi.
8. **Pangangatawan**—ay nagsasaad kung ikaw man ay magaan, katamtaman, o mabigat.
9. **Kutis**—ay nagsasaad kung ikaw man ay maputi, kayumanggi, o maitim.
10. **Dating pangalan**—ay sinusulatan lamang kung nagpalit ka ng pangalan.
11. **Bisa**—ay tumutukoy sa araw kung kailan pinayagan ka nang gamitin ang bago mong pangalan.
12. **Dating opisyal na numero ng resibo**—ay tumutukoy sa numero ng resibo ng pinagbayaran mo para sa dati mong lisensiya.
13. **Petsa na ibinigay**—ay tumutukoy sa araw kung kailan ibinigay ang iyong resibo para sa dati mong lisensiya.
14. **Halagang binayaran**—ay tumutukoy sa halagang iyong binayaran para sa iyong dating lisensiya.
15. **Dating napatunayang kriminal/sibil na pagkakasala**—ay nagsasaad kung ikaw man ay napatunayang nagkasala sa anumang krimen o hindi.
16. **Lagda ng kumukuha ng lisensiya**—ay nagpapatunay na ang lahat ng impormasyong nakasaad sa iyong aplikasyon ay totoo at tama.

17. **Kodigo ng pagtatakda** (*Restriction Code*)—sinusulatan ng tauhan ng Tanggapan ng Transportasyong Panlupa. Ito ay nagpapakita kung anong mga uri ng sasakyan ang maaari mo lamang gamitin.

18. **Mga Kondisyon**—ay nagpapakita ng mga kondisyon upang ikaw ay payagang magmaneho.

19. **Kuwentahan ng kabayaran**—ay nagpapakita ng lahat ng iyong mga babayaran upang makuha mo ang iyong lisensiya sa pagmamaneho.

20. **Pinuno ng distrito/Petsa**—ay nagpapakita ng lagda ng pinuno ng tanggapan at ang petsa kung kailan niya nilagdaan ang iyong aplikasyon para maproseso.



## Subukan Natin Ito

Ipareha ang mga aytem sa Hanay A sa kanilang mga paglalarawan sa Hanay B. Isulat ang mga titik ng tamang sagot sa mga patlang.

**Hanay A**

1. Uri ng aplikasyon
2. Uri ng lisensiyang inaaplay
3. Kasanayan sa pagmamaneho ay makukuha sa pamamagitan ng
4. Kodigo ng pagtatakda
5. Mga kondisyon

**Hanay B**

a. Nagpapakita ng mga kondisyon upang ikaw ay payagang magmaneho


b. Maaaring isa sa mga sumusunod: bago, dalawang taong delingkwente o higit pa, mula hindi propesyonal hanggang propesyonal, at iba pa.

c. Nagpapakita ng mga uri ng sasakyan na maaari mong gamitin

d. Maaaring isa sa mga sumusunod: lisensiyang pang-estudyante, hindi propesyonal, propesyonal, o konduktor

e. Maaaring sa pamamagitan ng isang paaralan na nagtuturo ng pagmamaneho o ng isang lisensiyadong pribadong tao

Ikumpara mo ang iyong mga sagot sa mga nasa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 44. Gaano ka kahusay?



## Alamin Natin

Ikaw ba ay nakaboto na sa isang halalan? Kung oo, samakatuwid ay alam mo kung ano ang hitsura ng isang balota. Kung hindi naman, tingnan mo ang blangkong balota sa ibaba upang malaman mo kung ano ang hitsura nito.

**005769821**

PRESIDENT ______________________________

VICE-PRESIDENT _________________________

SENATORS

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________
7. ______________________________
8. ______________________________
9. ______________________________
10. ______________________________
11. ______________________________
12. ______________________________
13. ______________________________
14. ______________________________
15. ______________________________
16. ______________________________
17. ______________________________
18. ______________________________
19. ______________________________
20. ______________________________
21. ______________________________
22. ______________________________
23. ______________________________
24. ______________________________

GOVERNOR ______________________________

MAYOR ______________________________

VICE-MAYOR ______________________________

COUNCILORS

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________
6. ______________________________

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Voter's thumb-mark

**005769821**

Ang balota sa halalan ay madaling sulatan. Kailangan mo lamang tandaan ang mga pangalan ng mga kandidatong iyong iboboto. Pagkatapos ay sundin mo ang mga instruksiyon ng inspektor sa halalan.



## Subukan Natin Ito


Sa lahat ng mga naging kandidato sa 2001 halalan, sino ang mga ibinoto mo o maaaring naiboto mo? Ilista ang mga pangalan nila sa blangkong balota na makikita sa *Alamin Natin* sa pahina 24.

May nanalo ba sa iyong mga pinili?

Ang pagsulat sa mga pormang pangrehistro at pangsiyasat ay katulad sa pagsulat sa iba pang uri ng pormang ating tinalakay. Dapat ay maging tapat ka sa pagsagot sa mga tanong dito.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Punan ang sumusunod na pormang pangrehistro sa paaralan.



UP FORM 5. UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES CERTIFICATE OF REGISTRATION (REV. 09-99)
WRITE IN BLOCK LETTERS: Use an "X" mark in answering information preceded by a box ☐

STUDENT'S COPY

| STUDENT NUMBER | NAME (Last, Given, Middle. If a married woman, encircle maiden name) | DEGREE & MAJOR | TERM & SY |
|---|---|---|---|
| | | | |

| CLASS CODE | COURSE NO. | SECTION | UNITS | DAYS | TIME | ROOM | LAB. FEE | CODE | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | Tuition | |
| | | | | | | | | | Miscellaneous | |
| | | | | | | | | | Student Fund | |
| | | | | | | | | | Laboratory Fee | |
| | | | | | | | | | EDF | |
| | | | | | | | | | Entrance | |
| | | | | | | | | | Deposit | |
| | | | | | | | | | Fine | |
| | | | | | | | | | TOTAL FEES | |
| | | | | | | | | | Less: Scholarship/Privilege | |
| | | | | | | | | | AMOUNT PAYABLE | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | TOTAL UNITS | Country of Citizenship | Amount Received by: | Assessed by: |
| | | | CASH: | Scholarship / Privilege |
| Signature and Printed Name of Adviser | | STFAP Bracket No. Certified by: | CHECK: | |
| | | | LOAN: | |
| Signature of Student | | First Time to enroll in UP? | O. R. No. Date Amount Paid | |



## Tandaan Natin

♦ Ang iba't ibang uri ng porma ay nangangailangan ng iba't ibang uri ng impormasyon. Nguni't ang lahat ng ito ay kaugnay sa sinusulatan mong porma. Halimbawa, kung nais mong makakuha ng lisensiya sa pagmamaneho, ang mga impormasyong kailangan sa porma ay may kaugnayan sa iyong kasanayan sa pagmamaneho.

**ARALIN 3**


# Ang Pagsulat sa Pormang Pangbuwis sa Kita

Sa mga nakaraang aralin, natutuhan mo kung paano sumulat sa iba't ibang uri ng porma tulad ng bio-data, aplikasyon para sa sedula at lisensiya sa pagmamaneho, balota sa halalan, pormang pangsiyasat, at pormang pangrehistro. Ang mga ito ay medyo madaling sulatan sapagkat mga simpleng impormasyon lamang ang kailangan dito.

